

Pakitandaan: Ang mga FAQ na ito ay isang subset ng mga nahahanap na FAQ na pinananatili sa <https://www.vdh.virginia.gov/covid-19-faq/vaccination/>, at kumakatawan sa mga pinakamadalas itanong. Ang mga isinalin na FAQ ay ina-update tuwing mga 2-4 linggo, subalit ina-update ang mga nahahanap na FAQ tungkol sa pagbababakuna linggu-linggo.

Mga Madalas Itinatanong (FAQs)

Huling binago: 4/21/21

1. Paano ako makakakuha ng bakuna kung nasa Phase 1b ako?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay inilipat mula sa pre-registration system noong Linggo, Abril 18.

Patuloy naming gagawing prioridad ang mga nasa Phase 1 na may pinakamataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 sa pagsisimula ng Phase 2.

Kung kwalipikado ka sa ilalim ng Phase 1 at hindi ka makahanap ng appointment na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, maaari kang mag-preregister para sa isang priority appointment sa vaccinate.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN-VA.

2. Kailan ko dapat makuha ang aking pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19?

Ang bakuna ng Pfizer-BioNTech at ng Moderna ay nangangailangan ng dalawang dosis para sa maximum na proteksyon. Pagkatapos ng una mong appointment sa pagbabakuna gamit ang mga bakunang ito, dapat makatanggap ka ng email, text, o tawag sa telepono para iiskedyul ang iyong pangalawang dosis. Iniiskedyul ng ilang lokasyon ang pangalawang dosis sa oras ng pagtanggap ng iyong unang dosis. Inirerekomendang ibigay ang dalawang dosis ng bakuna ng Pfizer-BioNTech nang may pagitang tatlong linggo (21 araw) at ang dalawang dosis ng bakuna ng Moderna nang may pagitang apat na linggo (28 araw).

Gayunpaman, kung hindi posible ang ganoong pag-iiskedyul ng appointment, puwedeng iiskedyul ang pangalawang dosis para sa bawat bakuna nang hanggang 6 na linggo (42 araw) pagkatapos ng unang dosis. Kung dapat ibigay ang pangalawang dosis mahigit sa anim na linggo pagkatapos ng unang dosis, HINDI kailangang simulan muli ang serye ng bakuna.

3. Kailan maaaring ibigay ang pangalawang dosis? Mayroon bang palugit na panahon?

Ang bakuna ng Pfizer-BioNTech at ng Moderna ay nangangailangan ng dalawang dosis para sa maximum na proteksyon. Isang dosis lang ang kailangan sa bakuna ng Johnson

& Johnson para sa COVID-19, gayunpaman pansamantalang ihihinto ng Virginia ang lahat ng paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson para sa COVID-19 habang sinisiyasat ng mga opisyal ng kalusugan ng US ang mga ulat ng potensyal na mapanganib pero lubhang napakabihirang pamumuo ng dugo.

Para sa mga bakuna na nangangailangan ng dalawang dosis, ang inirerekomendang iskedyul para sa pag-aagwat ng dalawang dosis ay:

- Pfizer-BioNTech: 3 linggo (21 araw) ang pagitan
- Moderna: 1 buwan (28 araw) ang pagitan

Hindi dapat nakaiskedyul na matanggap ng mga tao ang pangalawang dosis nang mas maaga kaysa sa inirerekomenda, ngunit itinuturing pa ring valid ang mga pangalawang dosis na ibinigay sa loob ng palugit na 4 na araw na mas maaga kaysa sa inirerekomenda. Kung ang pangalawang dosis ay hindi maiiskedyul nang ayon sa inirerekomenda, maaari itong iiskedyul nang hanggang sa anim na linggo (42 araw) pagkatapos ng unang dosis. Kung dapat ibigay ang pangalawang dosis mahigit sa anim na linggo pagkatapos ng unang dosis, HINDI kailangang simulan muli ang serye ng bakuna.

Ang karagdagang impormasyon sa pagbibigay ng bakuna ay makikita [rito](#). Dapat iulat ang mga pagkakamali sa pagbibigay ng bakuna sa [Vaccine Adverse Event Reporting System \(VAERS\)](#).

4. Saan ako makakakuha ng bakuna laban sa COVID-19?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682).

Sa vaccinate.virginia.gov, maaari mong i-access ang website ng VaccineFinder ng CDC, kung saan puwede kang maghanap ng site sa isang mapa para sa mga appointment sa mga Community Vaccination Center, lokal na health district, parmasya, at ospital na malapit sa iyo.

Dapat kang magpabakuna kung saan ka nakatira. Ang mga pangalawang dosis na appointment para sa mga bakuna ng Pfizer at Moderna ay dapat gawin kung saan mo natanggap ang unang dosis.

5. Paano ako maaabisuhan kapag available ang bakuna sa aking lugar?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Sa vaccinate.virginia.gov, maaari mong i-access ang [VaccineFinder website](#) ng CDC, kung saan puwede kang maghanap ng site sa isang mapa para sa mga appointment sa mga Community Vaccination Center, lokal na health district, parmasya, at ospital na malapit sa iyo.

Baka kailanganin mong maghanap mula sa ilang provider bago ka makahanap ng appointment. Regular na nagdaragdag ang mga provider ng mas maraming appointment, kaya tingnan ito araw-araw.

Karamihan ay magpapahintulot sa iyo na mag-iskedyul ng sarili mong appointment; gayunpaman, hihilingan ka ng ilang lokal na health department na mag-preregister para sa kanilang mga klinika at magpapadala sa iyo ng imbitasyon para sa darating na event.

Inaasahan naming makukuha ng lahat ng gustong magpabakuna ang una nilang turok bago ang katapusan ng Mayo.

6. Kailan ako makakakuha ng bakuna sa COVID-19?

Mula noong Abril 18, nasa Phase 2 na ang Virginia. Nangangahulungan ito na kwalipikado ang lahat, 16 na taong gulang pataas, na nakatira sa Virginia na makakuha ng **LIBRENG** bakuna laban sa COVID-19.

Habang tumataas ang supply ng bakuna, nananatili pa rin itong limitado. Ang mga nagbibigay ng bakuna sa buong Virginia ay nagtatrabaho nang mabilis hangga't maaari upang mabakunahan ang mga kwalipikado.

Bagaman maaaring magpaskedyul ng isang appointment para sa isang bakuna ang sinumang mahigit sa 16 taung gulang, posibleng tumagal ng ilang panahon bago maging available ang isang appointment malapit sa iyo.

7. Pagkatapos makatanggap ng bakuna laban sa COVID-19 sa isa sa mga kumpanya ng brand ng bakuna ng _____, gaano kahalaga ang pagkuha ng pangalawang dosis ng bakuna na may parehong uri ng bakuna?

Ang bakuna ng Pfizer-BioNTech at ng Moderna ay nangangailangan ng dalawang dosis para sa maximum na proteksyon. Mahigpit na inirerekomenda ng CDC at VDH na kumpletuhin ang serye ng pagbabakuna para sa mga brand ng bakuna na ito gamit ang pangalawang dosis ng bakuna mula sa parehong kumpanya.

Ginagawa na ngayon ang mga pag-aaral upang sagutin ang tanong na ito. Gayunpaman, kung, dahil sa mga hindi maiiwasang kalagayan, mga dosis ng dalawang magkaibang mRNA na bakuna ng COVID-19 ang naibigay, hindi inirerekomenda ang pagbibigay ng karagdagang dosis ng alinman sa dalawang bakunang ito. Talakayin ang sitwasyong ito sa iyong healthcare provider.

Isang dosis lang ang kailangan sa bakuna ng Johnson & Johnson para sa COVID-19, gayunpaman pansamantalang ihihinto ng Virginia ang lahat ng paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson para sa COVID-19 habang sinisiyasat ng mga opisyal ng kalusugan ng US ang mga ulat ng potensyal na mapanganib pero lubhang napakabihirang pamumuo ng dugo.

8. Ano ang itinuturing na isang kaugnay na medikal na kondisyon para sa pagbabakuna ng COVID-19 sa Phase 1B?

Nakalista sa ibaba ang ilan (ngunit hindi lahat) sa nauugnay na mga kondisyon na nagpapataas sa mga panganib mula sa COVID-19:

- Cancer
- Malalang sakit sa bato
- Ang malalang sakit sa baga, kabilang ang COPD (chronic obstructive pulmonary disease), hika (katamtaman hanggang sa malubha), interstitial na sakit sa baga, cystic fibrosis, at pulmonary hypertension
- Dementia o iba pang neurological na kondisyon
- Diabetes (Type 1 o 2)
- Down Syndrome
- Mga kondisyon ng puso, tulad ng pagpalya ng puso, sakit sa coronary artery, cardiomyopathy, o altapresyon
- Impeksyong HIV
- Immunocompromised state (huminang immune system)
- Sakit sa atay
- Labis na timbang o Labis na katabaan
- Pagbubuntis
- Sakit sa sickle cell o thalassemia
- Paninigarilyo, kasalukuyan o dati
- Pagpapa-transplant ng solid na organo o stem cell ng dugo
- Stroke o sakit sa cerebrovascular, na nakakaapekto sa daloy ng dugo sa utak
- Mga sakit sa paggamit ng substansiya (tulad ng alkohol, opioid, o karamdaman sa paggamit ng cocaine)

Para sa higit pang impormasyon sa paksang ito, paki-click [dito](#).

9. Paano kung ang isang staff o residente ng isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga ay nasa lugar para sa isang klinika sa pagbabakuna at nakatanggap ng unang dosis ng bakuna sa COVID-19, pero nakaligtaang magpunta sa klinika para sa pangalawang dosis? Paano nila tatapusin ang serye ng bakuna?

Kung nakaligtaan ng staff o residente ng pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga ang pangalawa niyang dosis sa anumang dahilan, dapat siyang magpaturok nito sa lalong madaling panahon. Ang pangalawang dosis para sa bawat mRNA na bakuna ay maaaring iiskedyul hanggang anim na linggo (42 araw) pagkatapos ng unang dosis. Dapat siyang makipag-ugnayan sa site kung saan niya natanggap ang unang dosis upang mag-reschedule o makahanap ng appointment [dito](#).

Para sa mga Pasilidad sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-Term Care Facility o LTCF)

Ang mga LTCF ay patuloy na nangangailangan ng mga bakuna para sa maraming dahilan, isa sa mga ito ay dahil inaalok ang mga dosis sa iba't ibang lokasyon, paglipat ng mga empleyado o residente, at mga pasilidad na hindi orihinal na kasama sa CVS/Walgreens Federal Pharmacy Partnership Program.

Upang matugunan ang patuloy na pangangailangang ito, nagsasagawa ang Virginia Department of Health (VDH) ng LTCF Vaccine Bridge Program. Pakibasa pa ang tungkol sa programa [rito](#).

Sa ilalim ng pakikipagtulungan sa parmasya ng estado, maraming parmasya ng LTC ang maaaring magbigay ng mga bakuna. Hinihikayat ang mga pasilidad na makipag-ugnayan muna sa kanilang regular na parmasya at humiling ng mga bakuna.

10. Ano ang mga epekto ng mga kasalukuyang bakuna sa COVID-19? Ano ang dapat kong gawin kung nagkaroon ako ng alinman sa mga side effect na ito?

Ang mga epekto ng bakuna ay nabibilang sa isa sa tatlong kategorya: (1) Mga reaksiyon sa o malapit sa pinagturukan; (2) Mga reaksiyon sa iba pang bahagi ng iyong katawan; at (3) Mga allergic reaction.

Ang mga side effect pagkatapos makatanggap ng bakuna sa COVID-19 ay normal na palatandaan na bumubuo ang katawan mo ng proteksyon laban sa COVID-19. Hindi pa namin alam ang lahat ng posibleng epekto ng bakuna. Nagkaroon ang ilang tao ng kirot sa braso sa pinagturukan, labis na pagkapagod, pananakit ng ulo o iba pang pananakit ng katawan, o pangangaligkig o lagnat sa loob ng ilang araw. Ang mga side effect na ito ay **HINDI** nangangahulugan na nagbigay ang bakuna sa iyo ng impeksyong COVID-19. Sa halip, nangangahulugan ito na ang bakuna ay nagdudulot sa immune system ng iyong katawan na tumugon at lumikha ng mga antibody upang labanan ang virus na nagiging sanhi ng COVID-19 sa hinaharap.

Ang mga side effect ay maaaring makagambala sa iyong kakayahang gumawa ng mga pang-araw-araw na gawain, pero dapat na mawawala rin ang mga ito sa loob ng ilang araw.

Mag-sign up para sa [v-safe](#), isang smartphone tool na magagamit mo para sabihin sa CDC ang tungkol sa anumang mararanasan mong side effect pagkatapos magpabakuna sa COVID-19 at magpapaalala sa iyo kung kailangan mong bumalik para sa pangalawang dosis.

Kung hindi mawawala ang nararamdaman mong kirot sa pinagturukan o iba pang hindi magandang pakiramdam, tanungin ang iyong doktor tungkol sa pag-inom ng over-the-counter na gamot, tulad ng ibuprofen o acetaminophen.

Pakitandaan: Pansamantalang ihihinto ng Virginia ang lahat ng paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson COVID-19 habang sinisiyasat ng mga opisyal ng kalusugan ng US ang mga ulat ng potensyal na mapanganib pero lubhang napakabihirang mga pamumuo ng dugo. Ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng Johnson & Johnson na nagkaroon ng malubhang pananakit ng ulo, pananakit ng tiyan, pananakit ng binti, o kahirapan sa paghinga sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng pagpapabakuna ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang healthcare provider o tumawag sa 911 kung isa itong medikal na emergency. Iba ang mga sintomas na ito kaysa sa tulad trangkasang sakit (na maaaring may kasamang pananakit ng ulo) na agad na mararanasan ilang sandali lang pagkatapos ng pagbabakuna. Ang pansamantalang paghinto na ito ay inirerekomenda dahil sa labis-labis na pag-iingat. Lumalabas na napakabihira lang ng masasamang pangyayaring ito.

11. Paano ko mapoprotektahan ang aking sarili at ang mga empleyado ko mula sa COVID-19?

Dapat isaalang-alang ng mga negosyo ang ilang salik kapag pinag-aaralan ang kaligtasan ng lugar ng trabaho sa panahon ng pandemyang COVID-19. Kabilang sa mga salik na ito ang mga pangkalahatang hakbang sa pag-iwas sa COVID-19, pagsunod sa mga Executive Order, at pagsunod sa Final Permanent Standard. Pakibisita ang [Businesses website](#) ng VDH para sa mga pangkalahatang resource at resource na partikular sa sektor.

12. Paano ako makakakuha ng bakuna kung nasa Phase 1a ako?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Patuloy naming gagawing priyoridad ang mga nasa Phase 1 na may pinakamataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 sa pagsisimula ng Phase 2.

Kung kwalipikado ka sa ilalim ng Phase 1 at hindi ka makahanap ng appointment na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, maaari kang mag-preregister para sa isang priority appointment sa vaccinate.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN-VA.

13. Maaari ko bang kunin ang bakuna mula sa isang lugar na iba sa lugar ng aking tirahan?

Walang patakaran na makakatanggap ka lang ng bakuna sa inyong lugar (lungsod o county) na tinitirhan, pero pinapayagan ng CDC na ang mga lokalidad na ang magdesisyon nito. Inilalaan ang mga bakuna ayon sa populasyon sa lokalidad, kaya pinakamahusay nang makipag-ugnayan sa iyong [lokal na health department](#) sa lokalidad **kung saan ka nakatira**. Ang mga pangalawang dosis na appointment para sa mga bakuna ng Pfizer at Moderna ay dapat gawin kung saan mo natanggap ang unang dosis.

14. Saan ko makikita ang data ng bakuna sa website ng VDH?

Maaari mong tingnan ang data ng bakuna sa COVID-19 [dito](#).

May apat na dashboard na nagpapakita ng data sa mga bakuna ng COVID-19: [Summary](#), [Vaccines Received](#), [Demographics](#), at [Federal Doses](#). Ang [Summary](#) dashboard ay nagpapakita ng data ng mga dosis ng bakuna na ibinigay sa mga tao (ibinigay na bakuna). Ang [Vaccines Received](#) dashboard ay nagpapakita ng data sa mga dosis ng bakuna na natanggap ng mga healthcare provider. Ang [Demographics](#) dashboard ay nagpapakita ng data tungkol sa mga tao na nakakuha na ng bakuna, kabilang ang grupo ng edad, kasarian, lahi at etnisidad. Ang [Federal Doses](#) dashboard ay nagpapakita ng mga dosis ng bakuna na ibinigay sa mga tao (ibinigay na bakuna) ng mga pederal na ahensya.

15. Ano ang gagawin ko kung may nakahalubilo akong isang taong may COVID-19?

Mag-click sa mga tile sa ibaba para sa higit pang impormasyon kung ano ang gagawin kapag may nakahalubilo kang isang taong nasuring positibo sa COVID-19:

1. [Mag-quarantine](#)

Manatili sa bahay (mag-quarantine) sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng huling araw na makahalubilo mo ang taong iyon na may COVID-19 at panatilihin ang 6 na talampakang distansya mula sa iba. Huwag pumasok sa trabaho o sa paaralan. Kontakin ang iyong [lokal na health department](#) kung kailangan mo ng tulong sa mga pangunahing pangangailangan (halimbawa, pagkain at gamot). Hindi kinakailangan sa ilang partikular na tao na manatili sa bahay (mag-quarantine) pagkatapos ng pagkakalantad. May higit pang impormasyon [dito](#).

2. [Subaybayan ang kalusugan mo](#)

Subaybayan ang kalusugan mo para sa [mga sintomas ng COVID-19](#) sa loob ng 14 na araw pagkatapos kang malantad. Tawagan ang 9-1-1 kung mayroon kang anumang medikal na emergency at ipaalam sa kanila na nalantad ka sa isang taong may COVID-19.

3. [Sagutin ang tawag mula sa iyong lokal na health department](#)

Maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang iyong [lokal na health department](#) tungkol sa higit pang rekomendasyon kung natukoy na naging close contact ka sa panahon ng [contact tracing](#). Kung may nakahalubilo kang isang taong may COVID-19 habang nakakahawa pa sila, manatili sa bahay at subaybayan ang kalusugan mo, kahit na hindi ka tinatawagan ng health department.

4. [Tumugon sa mga notification ng COVIDWISE](#)

Kung gumagamit ka ng [COVIDWISE app](#) at nakatanggap ka ng abiso na nalantad ka, manatili sa bahay at subaybayan ang kalusugan mo pagkatapos ng potensyal na pagkalantad.

5. [Magpasuri](#)

Inirerekomenda ng VDH na magpasuri ka agad kung nakahalubilo mo ang isang taong may COVID-19. Kung negatibo ang pagsusuri mo, dapat kang masuri ulit sa loob ng o pagkatapos ng 5 araw mula sa pagkakalantad. Makipag-ugnayan sa healthcare provider mo o tingnan ang mga [Virginia COVID-19 Testing Site](#) para magpasuri.

6. [Gaano ko kataagal kailangang manatili sa bahay \(mag-quarantine\)?](#)

Pinakaligtas na manatili sa bahay (mag-quarantine) sa loob ng 14 na araw. Kung hindi ka makakapanatili sa bahay sa loob ng 14 na araw at wala kang sintomas, maaari kang umalis sa bahay pagkatapos ng Araw 10 nang hindi nagpapasuri o pagkatapos ng Araw 7 kung negatibo ang isang PCR o antigen test na isinagawa sa o pagkatapos ng Araw 5. Kung hindi ka mananatili sa bahay sa loob ng inirekomendang 14 na araw, patuloy na subaybayan ang kalusugan para sa mga sintomas at magsuot ng mask, manatiling malayo nang 6 na talampakan mula sa iba, madalas na maghugas ng mga kamay, at iwasan ang matataong lugar sa buong 14 na araw pagkatapos mong malantad.

16. Ano ang dapat kong asahan sa panahon ng aking pagbisita para sa pagpapaturok sa COVID-19?

Kapag nagpapabakuna ka para sa COVID-19, bibigyan ka ng **record card sa pagpapabakuna. Mahalagang ingatan ang card** na ito sa ligtas na lugar. Dapat ka ring makatanggap ng **fact sheet** na may impormasyon tungkol sa bakuna na natanggap mo.

Ang record card sa pagpapabakuna ay naglalaman ng:

- pangalan ng manufacturer ng bakuna,
- lot number ng bakuna,
- petsa at
- lokasyon kung saan ka binakunahan.

Lahat ng taong tumatanggap ng bakuna sa COVID-19 ay susubaybayan sa loob nang 15 minuto man lang pagkatapos mabakunahan.

Tandaang tanungin ang iyong healthcare provider tungkol sa kung paano magrehistro sa v-safe. Sa [V-Safe](#), maaari mong gamitin ang iyong smartphone para sabihin sa CDC ang tungkol sa anumang side effect pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19. Makakakuha ka rin ng mga paalala kung kailangan mo ng pangalawang dosis ng bakuna kung nag-opt in ka sa [VaxText](#).

Bumisita sa [Getting Your COVID-19 Vaccine ng CDC](#) para sa higit pang impormasyon kung ano ang aasahan sa oras at pagkatapos ng pagpapabakuna.

17. Sino ang isinaalang-alang na phase 1a na Healthcare Provider?

Kabilang sa Healthcare Personnel ang mga sumusunod:

- Mga behavioral health provider
- Mga community health worker
- Mga dental assistant, hygienist, dentista
- Mga EMT/first responder na nagsisilbing mga EMT extender
- Staff sa mga serbisyong pangkapaligiran
- Mga healthcare trainee
- Mga home health worker
- Mga human service provider
- Mga personnel sa pagkontrol ng impeksyon at pagtitiyak ng kalidad
- Mga laboratorian
- Mga provider ng serbisyo sa morgue (hal. mga mortician/staff sa punerarya)
- Mga nurse, nursing assistant
- Mga optometrist
- Mga katulong sa personal na pangangalaga
- Mga pharmacist, pharmacy tech at staff
- Mga doktor, assistant ng doktor
- Mga humaharap sa publikong public health worker
- Mga radiological tech (at iba pang diagnostic/therapeutic tech)
- Mga tech para sa respiratoryo, pisikal, pagsasalita at pantrabaho
- Mga social worker

- Mga pangunahing tagapag-alaga para sa mga taong may malubhang medikal na kondisyon o na may mga intelektwal o developmental na kapansanan na nangangailangan ng mataas na antas ng pang-araw-araw na pangangalaga

18. Nag-iisip akong bumiyahе sa loob ng bansa o kamakailan akong bumiyahе sa loob ng bansa. Ano ang dapat kong gawin?

Ang ilan sa mga kaso ng COVID-19 ay napakataas sa United States at sa ibang lugar sa buong mundo. Ang mga taong ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 ay mas malamang na hindi mahawahan at makapagkalat ng COVID-19 kaysa sa mga taong hindi ganap na nabakunahan. Ang ganap na nabakunahan ay nangangahulugang lumipas na ang kahit 2 linggo man lang mula nang makatanggap ka ng isahang dosis ng bakuna (tulad ng Johnson & Johnson na bakuna) o mula nang makakuha ka ng pangalawang dosis ng dalawahang dosis na bakuna (tulad ng bakuna ng Pfizer-BioNTech o Moderna). **Kaya inirerekomenda ng CDC at VDH na ipagpaliban ng lahat ng tao ang pagbiyahе hanggang sa ganap silang mabakunahan laban sa COVID-19. Kung hindi ka ganap na nabakunahan at kailangang bumiyahе, tingnan ang mga kinakailangan sa pagbiyahе sa iyong destinasyon bago bumiyahе at alamin kung paano bibiyahе nang ligtas hangga't maaari.**

- Kung ganap ka nang nabakunahan laban sa COVID-19, magpasuri para sa COVID-19 1-3 araw **bago** ang pagbiyahе sa pamamagitan ng pagsusuri sa virus. Siguruhin na makukuha mo ang mga resulta ng mga pagsusuri bago ka bumiyahе. Kung naghihintay ka ng mga resulta, ipagpaliban ang pagbiyahе. Huwag magbiyahе kung positibo ang resulta ng pagsusuri mo; agad-agad na ibukod ang iyong sarili. Maaaring nalantad ka sa COVID-19 sa iyong mga pagbiyahе. Ikaw at ang mga kasamahan mo sa pagbiyahе (kabilang ang mga bata) ay maaaring maging panganib sa iyong pamilya, mga kaibigan at komunidad. Ang mga taong ganap na nabakunahan ay hindi na kailangang magpasuri bago magbiyahе maliban kung kinakailangan ang pagpapasuri sa kanilang destinasyon.
- Anuman ang status sa pagpapabakuna, dapat na ligtas na magbiyahе ang lahat sa pamamagitan ng pag-iwas sa maraming tao at manatili sa 6 na talampakang layo mula sa sinumang hindi mo kasamang bumibiyahе, magsuot mask, at maghugas lagi ng kamay. Anuman ang status ng bakuna, dapat subaybayan ng lahat ang kanilang kalusugan para sa mga sintomas nang 14 na araw pagkatapos ng pagbiyahе.
- Kung hindi ka pa ganap na nababakunahan laban sa COVID-19, [magpasuri](#) para sa pagsusuri sa virus sa loob ng 3-5 araw **pagkatapos** ng biyahе AT manatili sa bahay (mag-quarantine) sa loob ng buong 7 araw pagkatapos ng biyahе. Kahit na masuri kang negatibo, manatili sa bahay sa loob ng buong 7 araw. Kung nasuri kang positibo, ihiwalay ang sarili mo para protektahan ang iba mula sa impeksyon. Kung hindi ka nasuri, pinakaligtas nang manatili sa bahay sa loob ng 10 araw pagkatapos ng biyahе. Iwasang makihalubilo sa mga taong may mataas na panganib mula sa malalang sakit sa loob ng 14 na araw, nasuri ka man o hindi. Ang mga taong ganap na nabakunahan at nagbiyahе sa loob ng United States ay hindi na kailangang magpasuri o manatili sa bahay (mag-quarantine) pagkatapos ng biyahе.
- Kung pinaplano mong magbiyahе para sa paparating na holiday, tingnan ang impormasyon ng CDC tungkol sa [Holiday Celebrations](#).

19. Sino ang kasama sa Phase 1b?

Kabilang sa Phase 1b ng Virginia ang mga frontline essential worker, mga edad 65 taong gulang pataas, mga edad 16 hanggang 64 na taong may mataas na panganib na kundisyong medikal o kapansanan na nagdaragdag sa kanilang panganib mula sa malubhang COVID-19, at ang mga taong nakatira sa mga kulungan, shelter ng walang tahanan at mga labor camp para sa mga migrante.

Binalangkas nang mabuti ng VDH ang phase 1b [rito](#).

20. Maaari ba akong magpasuri para sa COVID-19 sa lokal na health department?

Ang ilan sa mga health department ay nagsasagawa ng mga event ng pagsusuri kung saan puwedeng magpasuri ang lahat nang walang bayad.

Maaari ding available ang pagsusuri sa opisina ng healthcare provider, urgent care center, parmasya, o iba pang healthcare clinic. Makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider para talakayin ang pagsusuri o, para maghanap ng mga lugar ng pagsusuri sa iyong lugar, bisitahin ang website ng [Virginia COVID-19 Testing Sites](#). Bawat site ng pagsusuri ay may iba't ibang patakaran at pamamaraan para sa pagsusuri at pagsingil. Makipag-ugnayan sa partikular na site para sa karagdagang impormasyon.

Kung hindi ka makakakuha ng lokasyon sa pagsusuri, maaaring isaalang-alang mo at ng iyong healthcare provider ang alinman sa isang at-home collection kit o isang at-home test. Makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider upang makita kung tama para sa iyo at available sa iyong lugar ang isa sa mga ito. Ang ilang pagsusuri ay nangangailangan ng reseta mula sa isang healthcare provider, at nangangailangan ang ilan ng assessment sa kalusugan at isang order ng laboratoryo. Para sa karagdagang impormasyon sa pagsusuri sa bahay, bumisita sa website ng CDC na [At-Home Testing](#).

21. Kabilang sa Phase 1 ng Pagbabakuna sa COVID-19 ang mga staff at residente ng LAHAT ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga. Bakit mga Pasilidad ng Skilled Nursing lang ang binabakunahan sa Virginia sa ilalim ng CDC Pharmacy Partnership para sa Long-Term Care (LTC) Program?

Mula noong Disyembre 2020, inaalukan ng CVS at Walgreens team ang mga residente at staff ng pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga ng mga bakuna sa lugar sa kanilang mga pasilidad sa pamamagitan ng CDC Pharmacy Partnership para sa Long-Term Care (LTC) Program. Ang programa ay hinati sa Part A at Part B. Kabilang sa Part A ang lahat ng pasilidad ng skilled nursing. Ang pagbabakuna ng mga residente at staff ng mga skilled nursing facility ay nagsimula noong Disyembre 28, 2020. Kabilang sa Part B ang lahat ng pasilidad para sa assisted living at iba pang pasilidad na nakatala sa programa. Ang pagbabakuna ng mga residente at staff ng mga pasilidad na ito ay nagsimula noong Enero 11, 2021.

Ipinakikipag-ugnayan ng parmasya ng estado ang patuloy na pangangailangan para sa mga bakuna sa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga habang isinasagawa ang mga pakikipagtulungan sa parmasya na ito.

22. Paano ko makikita ang paghahambing ng mga ibinigay na dosis ng bakuna sa mga dosis ng bakuna na natanggap sa aking lungsod o county?

Bagaman wala nito sa antas ng lokalidad, ang pinakamahasay na sukatan upang makita ang pag-usad ng pagtanggap ng bakuna vs. pagbibigay ng bakuna sa buong estado ay sa pamamagitan ng metrics sa Vaccines Received dashboard ng VDH COVID-19. Makikita mo rin ang bilang ng dosis ng bakuna na natanggap ng mga healthcare provider na nakikipagtulungan sa VDH sa antas ng provider sa dashboard na Vaccines Received [dito](#). Linggo-linggong ina-update ang listahang ito.

Kumplikado ang paghahambing ng mga natanggap na dosis ng bakuna sa mga ibinigay na dosis ng bakuna. Inaasahan na ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng bilang ng mga natanggap na dosis ng bakuna ng COVID-19 at ang bilang ng mga naibigay na dosis dahil sa ilang kadahilanan.

23. Ano ang nalalaman natin tungkol sa malubhang allergy na bihirang naiulat sa mga taong nakatanggap ng bakuna sa COVID-19?

Kung nagpabakuna ka sa COVID-19 at sa tingin mo ay maaaring nagkaroon ka ng malubhang allergy pagkaalis sa lugar ng pagbabakuna, humingi agad ng medikal na pangangalaga sa pamamagitan ng pagtawag sa 9-1-1. May bibihirang ulat ng mga taong tumatanggap ng bakuna sa COVID-19 na nakaranas ng malubhang allergy, na kilala rin bilang anaphylaxis. Ang allergic reaction ay itinuturing na malubha kung nangangailangan ito ng pagkakaospital, o paggamit ng EpiPen (epinephrine) na iniksyon para sa paggamot.

Ang mga malubhang allergic reaction (anaphylaxis) ay bihirang nangyayari pagkatapos ng kasalukuyang available na dalawang bakunang mRNA sa COVID-19. Batay sa mga ulat ng VAERS at iniulat na mga ibinigay na dosis, ipinapakita ng data ng CDC na inilathala noong Pebrero 12 na nangyayari ang anaphylaxis kasunod ng pagbabakuna gamit ang kasalukuyang mga mRNA na bakuna sa COVID-19 sa mga 4 na beses sa bawat milyong ibinigay na dosis. Dahil sa bago pa lang ginagamit ang Johnson & Johnson (Janssen) viral vector, ang data sa dalas ng malubhang allergic reaction sa labas ng clinical trial ay hindi pa available para sa bakuna na iyon.

Kung sakaling nagkaroon ka na ng malubhang allergic reaction sa alinman sa mga sangkap ng isang bakuna sa COVID-19, hindi mo dapat kunin ang partikular na bakunang iyon. Sa kalagayang iyon, maaaring pag-isipan ng iyong doktor na i-refer ka sa isang espesyalista sa mga allergy at immunology upang magbigay ng higit na pangangalaga o payo.

Para sa pinakabagong impormasyon sa mga allergy sa mga bakunang COVID-19, tingnan ang [COVID-19 Vaccines and Severe Allergic Reactions](#) sa website ng CDC.

24. Naninirahan ako paminsan-minsan sa Virginia ngunit mula sa ibang estado ang aking lisensya sa pagmamaneho. Maaari pa rin ba akong mabakunahan sa Virginia?

Ang mga taong naninirahan sa Virginia na kwalipikado para sa kasalukuyang yugto ng rollout ng pagbabakuna ng Virginia (hal. batay sa edad, medikal na kondisyon o trabaho) ay maaaring mabakunahan sa Virginia. Gayunpaman, maaaring sa mga residente lang ilaan ng ilang lokalidad ang pagbabakuna. Maaaring kailanganin ang patunay ng paninirahan.

25. Paano ako makakakuha ng bakuna kung nasa Phase 1c ako?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Patuloy naming gagawing prioridad ang mga nasa Phase 1 na may pinakamataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 sa pagsisimula ng Phase 2.

Kung kwalipikado ka sa ilalim ng Phase 1 at hindi ka makahanap ng appointment na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, maaari kang mag-preregister para sa isang priority appointment sa vaccinate.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN-VA.

26. Kailan magsisimula ang Phase 2?

Mula noong Abril 18, nasa Phase 2 na ang Virginia. Nangangahulungan ito na kwalipikado ang lahat, 16 na taong gulang pataas, na nakatira sa Virginia na makakuha ng **LIBRENG** bakuna laban sa COVID-19.

27. Nakapagrehistro na ako pero hindi pa tinatawagan para sa appointment. Ano ang dapat kong gawin?

Posibleng hindi updated ang impormasyon na iyong ipinasok sa sistema ng pre-registration, o kaya ay nagkaroon ng error sa iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Dapat kang magpunta sa vaccinate.virginia.gov at siguruhin na tama ang impormasyon mo. Kung may kulang na mahalagang impormasyon sa iyong record, maaaring maantala ang iyong appointment. Hindi magbabago ang petsa ng pre-registration mo kapag nag-verify at nag-update ka ng record.

Ang mga taong walang access sa internet o nangangailangan ng tulong sa pag-iiskedyul ng appointment ay maaaring tumawag sa Virginia call center Lunes - Linggo 8am-8pm sa 1-877-VAX-IN-VA (1-877-829-4682).

28. Paano ako makakakuha ng bakuna sa Phase 2?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Sa vaccinate.virginia.gov, maaari mong i-access ang [Vaccine Finder website](#) ng CDC, kung saan puwede kang maghanap ng site sa isang mapa para sa mga appointment sa mga Community Vaccination Center, lokal na health district, parmasya, at ospital na malapit sa iyo.

Baka kailanganin mong maghanap mula sa ilang provider bago ka makahanap ng appointment. Regular na nagdaragdag ang mga provider ng mas maraming appointment, kaya tingnan ito araw-araw.

Karamihan ay magpapahintulot sa iyo na mag-iskedyul ng sarili mong appointment; gayunpaman, hihilingan ka ng ilang lokal na health department na mag-preregister para sa kanilang mga klinika at magpapadala sa iyo ng imbitasyon para sa darating na event.

Pasisimulan na ng mga parmasya sa pakikipagtulungan ng pederal na parmasya ang Phase 2 mula Abril 18. Ang ilan sa mga appointment ay magiging available bago ang petsang iyon sa vaccinefinder.org.

Inaasahan naming makukuha ng lahat ng gustong magpabakuna ang una nilang turok bago ang katapusan ng Mayo.

29. Kailangan ko pa ba ng appointment sa Phase 2?

Kadalasang kakailanganin ang mga appointment; gayunpaman, patuloy na tatanggap ng mga walk-in ang ilang klinika tulad ng Norfolk Community Vaccination Center.

30. Aabisuhan ba ako upang makuha ang aking bakuna sa Phase 2?

Mula Abril 18, lilipat na ang Virginia sa bukas na proseso ng pag-iiskedyul ng appointment para sa sinumang edad 16 pataas. Para humanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682).

31. Kailan maaaring mabakunahan ang mga bata?

Ang bakuna sa Pfizer-BioNTech ay maaaring gamitin ngayon sa mga taong 16 pataas at ang mga bakuna ng Moderna at Johnson & Johnson (Janssen) ay maaaring gamitin sa mga taong 18 pataas. Ang mga taong 16-18 taong gulang ay maaaring magparehistro sa system, ngunit kailangang may kasama silang isang magulang o tagapag-alaga para aktwal na tanggapin ang bakuna sa site ng pagbabakuna. Ipinakita ng Pfizer-BioNTech consortium na ang kanilang bakuna sa COVID-19 ay lubos na epektibo sa pagpigil sa mga kaso ng COVID-19 sa mga bata mula 12-15 taong gulang at humihiling sa FDA para sa pahintulot na palawakin ang paggamit ng kanilang bakuna para saklawin ang pangkat ng edad na iyon. (Mula noong kalagitnaan ng Abril 2021, pinag-aaralan ng Pfizer-BioNtech at ang Moderna ang paggamit ng bakuna para sa COVID-19 kahit na sa mas bata.) Kahit na wala pang eksaktong timeline para sa pagbabakuna sa COVID-19 sa mga bata, bubuuin ang mga rekomendasyon para sa pagbabakuna ng mga bata sa sandaling matapos ang mga kasalukuyang pag-aaral.

32. Nakatanggap ako ng email mula sa isang tao, HINDI mula sa health department, na nagsasabi sa akin na, kung magbabayad, makakakuha ako ng maagang appointment upang makuha ang bakuna ng COVID-19. Scam ba ito?

Walang bayad para sa bakuna ng COVID-19 o para sa appointment ng pagbabakuna mismo. Walang makakatanggap ng bakuna nang mas maaga sa pamamagitan ng pagbabayad ng pera sa kahit na sino. Hindi kailanman tatawag, mag-e-email, o magte-text ang Virginia para humingi ng social security number ng isang tao o immigration status may kaugnayan sa pagbabakuna.

Ang Virginia Attorney General ay naglaan ng babala at detalyadong payo para iwasan ang mga scam sa bakuna para sa COVID-19 o iba pang scam [dito](#). Maaaring tumawag ang mga taga-Virginia na may katanungan o alalahanin o naniniwala na naging biktima sila ng scam na nauugnay sa bakuna sa COVID-19 sa [Consumer Protection Section](#) ng Attorney General Hearing o sa [FBI](#).

33. Paano magsasagawa ang CVS at Walgreens ng kanilang mga event sa pagbabakuna sa mga LTCF? Mag-iikot ba sila sa bawat silid? Paano nila matitiyak ang pagkontrol sa impeksyon? Ano ang tungkol sa pagsubaybay para sa mga side effect?

Ang CVS at Walgreens ay direktang makikipagtulungan sa bawat LTCF upang matukoy ang pinakamahusay na paraan sa pagbabakuna sa mga residente at staff. Linggu-linggong susuriin ang mga staff ng CVS at Walgreens upang matukoy kung nahawahan sila ng COVID-19. Dadalhin din nila ang kanilang sariling PPE, at susunod sa mga protocol na idinisenyo upang pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa panahon ng kanilang mga pagbisita.

Ang CDC ay nagbibigay ng gabay sa [mga pagsasaalang-alang pagkatapos ng bakuna para sa mga residente](#). Karamihan sa mga palatandaan at sintomas pagkatapos ng pagbabakuna ay may banayad hanggang katamtamang kalubhaan, nangyayari sa loob ng unang tatlong araw ng pagbabakuna, natatapos sa loob ng 1-2 araw mula ng magsimula, at mas madalas at malubha kasunod ng pangalawang dosis at sa mga mas bata kumpara sa mga mas matanda. Ang ubo, kahirapan sa paghinga, rhinorrhea, namamagang lalamunan, o pagkawala ng panlasa o pang-amoy ay hindi tumutugma bilang mga sintomas pagkatapos ng bakuna, at sa halip ay maaaring sintomas ng SARS-COV-2 o ibang impeksyon.

Ang mga staff ng CVS at Walgreens ay sinanay sa pagkontrol sa mga agarang anaphylactic reaction, ngunit inirerekomenda rin na subaybayan ng mga staff ng LTCF ang mga residente para sa iba pang hindi magandang reaksyon na maaaring lumabas sa ibang pagkakataon.

34. Kailangan ko bang mag-preregister muli para sa aking pangalawang dosis?

Makikipag-ugnayan sa iyo upang iiskedyul ang iyong pangalawang appointment sa dosis sa tamang oras, at hindi mo na kailangang magparehistrong muli. Iiiskedyul ng ilang klinika ang appointment para sa pangalawa mong dosis sa oras ng una mong dosis, at may taong makikipag-ugnayan sa iyo isa o dalawang linggo bago ang araw na dapat ibigay ang pangalawang dosis.

35. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng bakuna ng Johnson & Johnson at ng mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna?

Bagaman magkaiba ang teknolohiya para sa mga uri ng mga bakuna, pareho ang mga resulta — pinoprotektahan ka nito mula sa malubhang karamdaman, pagkakaospital, at kamatayan mula sa COVID-19.

Ang mga bakuna ng Pfizer, Moderna, at Johnson & Johnson ay halos magkakapareho sa kung paano gumagana ang mga ito at ang mga potensyal na side effect, ngunit nangangailangan ang mga ito ng iba't ibang uri ng pagpapadala, pag-iimbakan, at

pangangasiwa. Bukod pa rito, ang bakuna ng Johnson & Johnson ay nangangailangan lang ng isang dosis, habang ang iba ay nangangailangan ng dalawa. Bilang resulta, magkakaroon lang ang inialok sa iyo na klinika sa pagbabakuna ng iisang available na uri ng bakuna. Maaari kang makaalam ng higit pa tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng mga kasalukuyang bakuna at kung paano gumagana ang mga ito sa website ng CDC [rito](#).

Pakitandaan: Pansamantalang ihihinto ng Virginia ang lahat ng paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson COVID-19 habang sinisiyasat ng mga opisyal ng kalusugan ng US ang mga ulat ng potensyal na mapanganib pero lubhang napakabihirang mga pamumuo ng dugo.

36. Nagkakaproblema ako sa proseso ng pagrerehistro sa Vaccine Administration Management System (VAMS) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC). Saan ako makakahanap ng tulong para dito?

Nagbibigay ang CDC ng karagdagang suporta sa kanilang [VAMS Vaccine Recipient Frequently Asked Account Set Up and Scheduling Questions](#).

Para sa karagdagang suporta sa pagrerehistro o pag-iiskedyul ng mga appointment, makipag-ugnayan sa iyong [lokal na health department](#).

37. Paano ko hahanapin, pamamahalaan, ire-reschedule, o kakanselahin ang aking appointment sa pagbabakuna na iniskedyul sa pamamagitan ng Virginia COVID Information Center (VCIC)?

Upang kanselahin o baguhin ang iyong appointment sa pagbabakuna, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa Agency na nakipag-ugnayan sa iyo tungkol sa pag-iiskedyul ng iyong appointment. Kabilang sa mga Agency na maaaring nakipag-ugnayan sa iyo, ngunit hindi limitado sa, Virginia COVID Information Center (VCIC) o ang iyong Local Health District.

Maaari mong tukuyin ang Agency na nag-iskedyul ng iyong appointment sa pamamagitan ng pagsangguni sa komunikasyong ginamit nila upang makipag-ugnayan sa iyo; ito ay maaaring sa pamamagitan ng email, text message, o tawag sa telepono at maaaring magbigay ng karagdagang mga tagubilin sa pamamahala ng appointment. Upang makatulong na mahanap ang komunikasyon na ito, hinihikayat ka naming maghanap ng mga keyword tulad ng “vaccination” o “appointment” sa iyong email o mga text message.

38. Kinakailangan ba ng patunay ng pagtanggap ng unang turok para sa pagkuha ng pangalawang turok?

Hindi pwedeng pagpalitin ang mga bakuna sa COVID-19, ngunit sa mga napakabihirang sitwasyon, maaaring hindi nadala ng ilang tao ang kanilang record card sa pagpapabakuna o iba pang dokumentasyon o alam kung aling brand ng bakuna ang kanilang nakuha para sa una nilang dosis.

Dapat gawin ang bawat pagsisikap upang matukoy kung aling brand ng bakuna ang natanggap bilang unang dosis upang matiyak ang pagkumpleto ng serye ng bakuna sa parehong brand, ngunit hindi paaalisin ang mga indibidwal kung wala silang katibayan.

Sa mga katangi-tanging sitwasyon, tulad ng kapag hindi matukoy ang brand ng bakuna sa unang dosis, maaaring ibigay ang anumang available na bakunang mRNA sa COVID-19 na may pinakamaliit na agwat na 28 araw sa pagitan ng mga dosis upang makumpleto ang serye ng pagbabakunang mRNA sa COVID-19.

Kabilang sa mga estratehiya para sa pagtutukoy ng petsa at brand ng bakuna na ginamit sa unang dosis ang:

- Pagtingin sa record card sa pagpapabakuna sa COVID-19
- Pagtingin sa Virginia Immunization Information System (VIIS)
- Pagtingin sa VaxTextSM kung nagpa-enroll ang indibidwal sa serbisyong ito
- Pagtingin sa anumang available na record

39. Sino ang kabilang sa Phase 1c?

Kabilang sa [Phase 1c ng Virginia](#) ang **iba pang essential worker** na hindi kasama sa Phase 1b.

Kasama sa iba pang Essential Worker ang:

- Enerhiya
- Mga Water, Wastewater, at Waste Removal Worker (kabilang ang mga manggagawa sa pagtatanggal para sa pagreresiklo)
- Pabahay at Konstruksyon
- Serbisyong Pagkain
- Transportasyon at Logistics
- Faculty/Staff ng mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon
- Pananalapi
- Information Technology at Komunikasyon
- Media
- Mga Serbisyong Legal
- Kaligtasan ng Publiko (kabilang ang mga Inhinyero)
- Iba pang Public Health Worker
- Mga Barbero, Stylist, Hairdresser

Makikita ang mga kahulugan ng mga salitang ginagamit sa trabaho at dagdag na paglililaw sa mga patnubay na ibinibigay ng [Gabay na inilabas ng Cybersecurity and Infrastructure Security Agency \(CISA\)](#).

40. Paano ko aalisin ang aking sarili mula sa listahan ng pre-registration kung hindi ko na kailangang maging bahagi nito?

Sinumang nabakunahan sa labas ng estado ng Virginia O gustong mag-opt out ngunit wala sa VASE, maaaring mag-opt out sa lingguhang mga email. Kung at kapag inimitahan, i-click ang link na 'already vaccinated' o ang link sa pag-opt out sa email, na mag-a-update sa iyong status at mag-aalis sa iyo mula sa pakikipag-ugnayan sa hinaharap. O kaya naman, maaari ka ring tumawag sa 1-877-VAX-IN-VA para magpatulong sa isang ahente.

41. Ano ang mga alituntunin ng Phase Three para sa Virginia?

Ang mga pansamantalang paghihigpit na itinakda sa Virginia:

- Pangkalahatang utos na magsuot ng mask
- Laki ng mga pagtitipon na may 50 katao indoor at 100 katao outdoor. ([Ayon sa Executive Order 72](#))
- Patuloy na mga paghihigpit sa mga establisimyento ng kainan
- Rekomendasyon sa telework

Inilalarawan ng Fourth Amended Executive Order Seventy-Two at Order of Public Health Emergency Nine ang mga paghihigpit na ito at na available [dito](#). Available [dito](#) ang Mga Karagdagang Gabay para sa Lahat ng Sektor ng Negosyo.

42. Paano ako makakapag-preregister?

Para maghanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Sa vaccinate.virginia.gov, maaari mong i-access ang [VaccineFinder website](#) ng CDC, kung saan puwede kang maghanap ng site sa isang mapa para sa mga appointment sa mga Community Vaccination Center, lokal na health district, parmasya, at ospital na malapit sa iyo.

Baka kailanganin mong maghanap mula sa ilang provider bago ka makahanap ng appointment. Regular na nagdaragdag ang mga provider ng mas maraming appointment, kaya tingnan ito araw-araw.

Karamihan ay magpapahintulot sa iyo na mag-iskedyul ng sarili mong appointment; gayunpaman, hihilingan ka ng ilang lokal na health department na mag-preregister para sa kanilang mga klinika at magpapadala sa iyo ng imbitasyon para sa darating na event.

Inaasahan naming makukuha ng lahat ng gustong magpabakuna ang una nilang turok bago ang katapusan ng Mayo.

43. Kung tatanggapin ng isang empleyado ang kanyang unang dosis ng bakuna sa ikatlong klinika sa LTCF, kailangan ba niyang magkaroon ng utos ng doktor para sa pangalawang dosis dahil hindi ito ibibigay bilang bahagi ng CDC Pharmacy Partnership Program?

Kung isang dosis lang ng bakuna ang natanggap ng isang empleyado bilang bahagi ng tatlong pagbisita sa pasilidad mula sa CVS o Walgreens, kailangan ng empleyado na kunin ang kanyang pangalawang dosis mula sa isa pang provider ng bakuna ng COVID-19.

Maaaring bumisita ang mga empleyado sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Patuloy naming gagawing prioridad ang mga nasa Phase 1 na may pinakamataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 sa pagsisimula ng Phase 2.

Ang mga empleyado na nasa ilalim ng Phase 1 at hindi makahanap ng appointment na tumutugon sa mga pangangailangan mo, maaari kang mag-preregister para sa priority appointment sa vaccinate.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN-VA.

44. Paano ko malalaman kung aling health district o health region kabilang ang aking lungsod o county?

Ang VDH ay may [VDH Geography Locator Tool](#) online na tutulong sa iyo na matukoy ang iyong health district at health region. Kung pinili mo ang iyong lungsod o county sa drop down na menu sa itaas, awtomatikong mag-a-update ang mga mapa upang ipakita ang health district at health region para sa lokalidad na pinili mo. Maaari ka ring mag-hover o mag-click sa mga mapa upang makita ang mga pangalan ng iba't ibang lokalidad, health district at health region.

45. Paano ako maghahain ng reklamo laban sa isang skilled nursing facility/nursing home?

*****Paunawa: Ang complaint number na ito sa ibaba ay HINDI dapat gamitin para sa pangkalahatang reklamo na nauugnay sa bakuna. DAPAT lamang itong gamitin para sa mga reklamo tungkol sa mga nursing home o mga skilled nursing facility.*****

Ang mga nursing home/skilled nursing facility ay nasa ilalim ng Virginia Department of Health, Office of Licensure and Certification (OLC) para sa pangangasiwa at pag-uulat ng reklamo.

Ang numero sa pakikipag-ugnayan para sa mga reklamo ay:

Toll Free: 1-800-955-1819

Metro Richmond area: (804) 367-2106

Ang mas detalyadong impormasyon ay maaaring makita [rito](#).

46. Nagpa-preregister ako para sa bakuna. Paano ako mag-iiskedyul ng appointment para sa pagpapabakuna?

Para humanap ng appointment, bumisita sa vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682). Ang website ay lilipat mula sa kasalukuyang website ng sistema ng pre-registration sa 12:01 a.m. sa Linggo, Abril 18.

Sa vaccinate.virginia.gov, maaari mong i-access ang [VaccineFinder website](#) ng CDC, kung saan puwede kang maghanap ng site sa isang mapa para sa mga appointment sa mga Community Vaccination Center, lokal na health district, parmasya, at ospital na malapit sa iyo.

Baka kailanganin mong maghanap mula sa ilang provider bago ka makahanap ng appointment. Regular na nagdaragdag ang mga provider ng mas maraming appointment, kaya tingnan ito araw-araw.

Karamihan ay magpapahintulot sa iyo na mag-iskedyul ng sarili mong appointment; gayunpaman, hihilingan ka ng ilang lokal na health department na mag-preregister para sa kanilang mga klinika at magpapadala sa iyo ng imbitasyon para sa darating na event.

Pasisimulan na ng mga parmasya sa pakikipagtulungan ng pederal na parmasya ang Phase 2 mula Abril 18. Magiging available ang ilang appointment bago ang petsang iyon sa vaccinefinder.org.

Inaasahan naming makukuha ng lahat ng gustong magpabakuna ang una nilang turok bago ang katapusan ng Mayo.

Patuloy naming gagawing priyoridad ang mga nasa Phase 1 na may pinakamataas na panganib sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kamatayan mula sa COVID-19 sa pagsisimula ng Phase 2.

Kung kwalipikado ka sa ilalim ng Phase 1 at hindi ka makahanap ng appointment na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan, maaari kang mag-preregister para sa isang priority appointment sa vaccinate.virginia.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN-VA.

47. Maaari ko bang iiskedyul ang aking appointment sa bakuna kasama ng aking asawa/pamilya?

Dahil maaaring iba-iba ang antas ng pagiging kwalipikado ng bawat tao at limitado ang bilang ng appointment sa bawat klinika, malamang na hindi maiiskedyul ang mga asawa, kinakasama, o miyembro ng pamilya nang magkakasabay. Kung ang dalawang tao ay inimitahan na magpa-appointment para sa parehong klinika, maaari silang pumili ng magkalapit na oras kung mayroon.

48. Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng COVID-19?

Maraming bagay ang maaaring gawin upang mapatigil ang pagkalat ng COVID-19. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- [Magpabakuna](#) laban sa COVID-19 kapag available ito para sa iyo. *Maaaring ligtas na makilahok sa ilang gawain ang mga taong ganap na nabakunahan. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita [rito](#).*
- Magsagawa ng [physical distancing](#)
- Magsuot ng mask na pantakip sa iyong bibig at ilong indoor at [outdoor](#) sa mga pampublikong lugar (tingnan ang mga binanggit na [exception](#))
- Iwasan ang pakikihalubilo sa mga taong may sakit
- Manatili sa bahay at magpahinga, kung may sakit ka, kahit banayad lang ang sakit
- Iwasan ang paghipo sa iyong mga mata, ilong, o bibig gamit ang mga kamay na hindi nahugasan
- Linisin nang madalas ang iyong mga kamay sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga ito gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o

paggamit ng hand sanitizer na may alkohol na naglalaman ng 60%—95% na alkohol, kapag walang sabon at tubig sa paligid.

- [Linisin](#) ang mga item at ibabaw na madalas mong hinahawakan.
- [I-disinfect](#) ang mga ibabaw kung mayroong may sakit sa inyong bahay o kung may pumuntang isang taong positibo sa COVID-19 sa inyong bahay sa loob ng huling 24 na oras.
- Iwasan ang mga indoor na pagtitipon na higit sa 50 katao at outdoor na pagtitipon na higit sa 100 katao (na may mga nabanggit na exception sa ilalim ng ilang [kalagayan](#))
- Ihanda ang iyong tahanan at pamilya para sa COVID-19, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng [plano ng pagkilos ng sambahayan](#).

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang [mga tip para sa pag-iwas](#) ng VDH.

49. Paano ko masusuri ang aking pre-registration status at i-update ang aking record?

Maaari mong i-verify ang status ng iyong pre-registration at i-update ang record mo sa pamamagitan ng pagpunta sa page na [ito](#) at pag-click sa pulang button na 'Verify & Update Your Existing Pre-Registration.' Siguruhing basahin ang mga tagubilin sa ibaba ng button bago mo ito i-click. Hindi mo na kailangan ng reference code, dahil puwede mo na lang gamitin ang iyong pangalan at telepono/email. Ang mga indibidwal na may mga tanong o nangangailangan ng tulong ay maaaring tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682) pitong araw kada linggo, mula 8 a.m. hanggang 8 p.m.

50. Maaari ba akong pumili kung anong bakuna ang kukunin ko, at ano ang mangyayari kapag inalok ako ng bakunang hindi ko gusto?

Mayroon kang opsyong piliin kung aling brand ng bakuna ang gusto mong tanggapin kung nagpapaiskedyul ka sa pamamagitan ng [vaccinate.virginia.gov](#), dahil puwede kang mag-filter ayon sa brand sa website. Walang garantiya na available ang lahat ng opsyon ng bakuna sa oras na iniskedyul mo.

Kung personal na nakipag-ugnayan sa iyo para sa appointment sa bakuna, hindi ka makakapili ng brand ng bakuna.

Kung nakipag-ugnayan sa iyo para mag-iskedyul ng appointment para sa isang bakuna at ayaw mo ng brand ng bakuna na inialok sa iyo, maaari ka na lang pumunta sa [vaccinate.virginia.gov](#) upang maghanap ng appointment sa pagbabakuna na may brand na gusto mo sa malapit sa iyo. Walang garantiya na available ang lahat ng opsyon sa bakuna para sa oras na iniiskedyul mo.

Pakitandaan: Pansamantalang ihihinto ng Virginia ang lahat ng paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson COVID-19 habang sinisiyasat ng mga opisyal ng kalusugan ng US ang mga ulat ng potensyal na mapanganib pero lubhang napakabihirang mga pamumuo ng dugo. Sa Virginia, gagamitin ng mga lugar ng bakuna ang Pfizer at Moderna bilang kapalit kung maaari, at kakanselahin at ire-reschedule ang anumang nalalapit na appointment kung hindi posible ang pagpapalit na ito. Sinisikap naming tukuyin kung gaano karaming appointment ang kakailanganing i-reschedule sa oras na ito.

51. Paano ko makukumpirma ang aking appointment sa pagpapabakuna?

Dapat kang makipag-ugnayan sa lokal na health department, Local Health District, o ahensya na nag-iskedyul ng iyong appointment. Halimbawa, kung nag-iskedyul ka ng iyong appointment sa pamamagitan ng programa ng Vaccinate Virginia na gumagamit ng Vaccine Appointing Scheduling Engine (VARE), maaari kang tumawag sa 1-877-VAX-IN-VA. Pakitingnan ang (mga) komunikasyon na natanggap mo para sa iyong appointment — dapat na lokal na pamahalaan, lokal na health department, o iba pang ahensya ito na namamahala sa iyong appointment.

52. Kailangan ko bang magkaroon ng patunay ng US Citizenship upang makatanggap ng bakuna?

Sinumang naninirahan sa U.S., gaano man katagal, ay kwalipikadong mabakunahan. Hindi kailangan ng katibayan ng U.S. Citizenship.

53. Paano ako makakakuha ng bakuna kung ako ay may kapansanan?

Lahat ng lugar ng pagbabakuna sa COVID-19 sa Virginia ay sumusunod sa ADA. Kung kailangan mo ng espesyal na accommodation sa oras ng pagkuha ng iyong bakuna, dapat mong piliin ang opsyong ito kapag nag-preregister para sa iyong appointment. Upang magpa-preregister ngayon para sa bakuna para sa COVID-19 o para i-update ang impormasyon mo, bumisita sa: vaccinate.virginia.gov o tumawag sa 877-VAX-IN VA (1-877-829-4682) mula 8:00 am - 8:00 pm ET.

54. Mayroon bang mga walk-in na mga appointment?

Kadalasang kakailanganin ang mga appointment; gayunpaman, patuloy na tatanggap ng mga walk-in ang ilang klinika tulad ng Norfolk Community Vaccination Center.

55. Ano ang saklaw ng Virginia COVID Information Center (VCIC)?

Ang Virginia COVID Information Center ay isang puspusang pagsisikap na kinasasangkutan ng mga ahensya sa buong Commonwealth of Virginia upang bigyan ang mga residente at manggagawa nito ng pinag-isa at komprehensibong solusyon para sa napapanahon at tumpak na pangkalahatang impormasyon sa COVID-19, alinsunod sa mga panuntunan ng CDC, at para gawing simple ang pre-registration para sa pagbabakuna at pag-iiskedyul ng mga serbisyo para sa lahat ng residente at manggagawa ng Virginia. Maaari kang makipag-ugnayan sa VCIC sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN VA (1-877-829-4682) mula 8:00am - 8:00pm ET.

56. Pahayag sa pansamantalang paghinto ng bakuna ng Johnson & Johnson

Sinusubaybayang mabuti ng VDH ang mga aksyon ng pederal na pamahalaan sa pansamantalang paghinto sa lahat ng pagbabakuna ng Johnson & Johnson habang sinisiyasat nito ang isang napakabihirang posibleng side effect. Sa Virginia, itinigil na namin ang paggamit ng lahat ng bakuna ng Johnson & Johnson hanggang sa makumpleto ang imbestigasyon na ito. Kung mayroon kang nalalapit na appointment para sa bakuna ng Johnson & Johnson, makikipag-ugnayan upang i-reschedule ang appointment na iyon.

Ang pansamantalang paghintong ito ay nagpapamalas ng katiyakan dahil ipinapakita nito na epektibo ang mga ipinapatupad na sistema para subaybayan ang kaligtasan ng

bakuna. Hinihintay namin ang isang masusing pagsusuri ng mga opisyal ng pederal na kalusugan. Samantala, ipagpapatuloy namin ang unti-unting pagbibigay ng bakuna ng Virginia sa panahong ito gamit ang iba pang dalawang awtorisadong bakuna na binuo ng Pfizer at Moderna.

Ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng Johnson & Johnson na nagkaroon ng malubhang pananakit ng ulo, pananakit ng tiyan, pananakit ng binti, o kahirapan sa paghinga sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng pagpapabakuna ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang healthcare provider o tumawag sa 911 kung isa itong medikal na emergency. Ang pansamantalang paghinto na ito ay inirerekomenda dahil sa labis-labis na pag-iingat. Lumalabas na napakabihira lang ng masasamang pangyayaring ito.

57. Ano ang dapat kong gawin kung nakakaranas ako ng mga teknikal na problema sa site?

Kung nakakaranas ka ng mga teknikal na problema, subukang gumamit ng ibang browser o magbukas ng incognito window. Kung magpatuloy ang mga isyung ito, maaari kang makipag-ugnayan sa VCIC sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-VAX-IN VA (1-877-829-4682) mula 8:00 am - 8:00 pm ET.

58. Ano ang nalalaman namin tungkol sa hindi magandang pangyayaring naganap pagkatapos makakuha ng bakuna ng Johnson at Johnson (Janssen) COVID-19?

Sa ngayon, mahigit 6.8 milyong katao sa United States ang nakatanggap ng mga bakuna ng J&J at anim sa nabakunahan ang napag-alamang nagkaroon ng uri ng pamumuo ng dugo na tinatawag na cerebral venous sinus thrombosis (CVST) na kumbinasyon ng mababang antas ng mga platelet ng dugo (thrombocytopenia).

Ang lahat ng anim na kaso ay naganap sa mga kababaihang nasa pagitan ng edad 18 at 48, at naganap ang mga sintomas 6 hanggang 13 araw pagkatapos ng pagbabakuna. Ang paggamot sa partikular na uri ng pamumuo ng dugo na ito ay iba sa paggamot na maaaring karaniwang ibinibigay. Karaniwan na, ginagamit ang isang anticoagulant na gamot na tinatawag na heparin upang gamutin ang mga pamumuo ng dugo. Sa kalagayang ito, maaaring maging mapanganib ang pagbibigay ng heparin, at mga alternatibong paggamot ang kailangang ibigay.

Noong Abril 14, 2021, nagdaos ang Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) ng emergency meeting upang talakayin ang pansamantalang paghinto sa paggamit ng bakuna ng J&J at mga potensyal na update sa mga rekomendasyon para sa paggamit nito. Pagkatapos ng talakayan, inirekomenda ng komite na ipagpapatuloy ang pansamantalang paghinto hanggang sa marami pang impormasyong makuha at hindi sila nagpanukala o bumoto para sa mga pansamantalang rekomendasyon. Muling magpupulong ang komite sa loob ng 7-10 araw. Ang pansamantalang paghintong ito ay nagpapamalas ng katiyakan dahil ipinapakita nito na epektibo ang mga ipinapatupad na sistema para subaybayan ang kaligtasan ng bakuna. Mahalaga ito, sa isang banda, upang matiyak na alam ng komunidad ng mga healthcare provider ang tungkol sa potensyal na masasamang epektong ito at makakapagplano sila para sa tamang pagtukoy at pamamahala dahil sa natatanging paggamot na kinakailangan sa ganitong uri ng pamumuo ng dugo.

Ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J na nagkaroon ng malubhang pananakit ng ulo, pananakit ng tiyan, pananakit ng binti, o kahirapan sa paghinga sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng pagpapabakuna ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang healthcare provider o tumawag sa 911 kung isa itong medikal na emergency.

Iba ang mga sintomas na ito kaysa sa tulad trangkasong sakit (na maaaring may kasamang pananakit ng ulo) na agad na mararanasan ilang sandali lang pagkatapos ng pagbabakuna.

Napakababa ng panganib na magkaroon ng masamang epektong ito ang mga taong nakatanggap ng bakuna ng J&J na mahigit sa isang buwan na ang nakalipas.

Hinihilingan ang mga health care provider na iulat ang mga masamang epekto sa Vaccine Adverse Event Reporting System sa <https://vaers.hhs.gov/reportevent.html>.

59. Sa Virginia, kung may appointment para sa isang bakuna ng Johnson & Johnson COVID-19 na naapektuhan ngayon, ano ang dapat nilang gawin? Anong abiso ang dapat nilang bantayan?

Noong 4/13, ang CDC at ang U.S Food and Drug Administration (FDA) ay nag-utos ng pansamantalang paghinto sa paggamit ng bakuna ng Johnson & Johnson pagkatapos na magkaroon ang anim na nakatanggap ng bakuna sa United States ng bihirang sakit na nagsasangkot sa pamumuo ng dugo sa loob ng mga dalawang linggo pagkatapos ng pagpapabakuna. Sa Virginia, gagamitin ng mga lugar ng bakuna ang Pfizer at Moderna bilang kapalit kung maaari, at kakanselahin at ire-reschedule ang anumang nalalapit na appointment kung hindi posible ang pagpapalit na ito. Sinisikap naming tukuyin kung gaano karaming appointment ang kakailanganing i-reschedule sa oras na ito.

60. Ang Virginia COVID Information Center (VCIC) ba ay nagbibigay ng tulong para sa mga taga-Fairfax County?

Mula 4/18, ang mga nakatira at nagtatrabaho sa Fairfax County ay susuportahan ng at maaaring gumamit sa Virginia COVID Information Center (VCIC).

61. Paano natin matutugunan ang mga layunin ng pagkakapantay-pantay sa sandaling magbukas na ang lahat?

Ipagpapatuloy natin ang pagtuon sa pagkakapantay-pantay at pag-abot sa ating mga vulnerable na populasyon. Kabilang sa mga pagsisikap na iyon ang naka-target na advertising sa iba't ibang wika, pakikipagtulungan sa mga partner sa komunidad upang mag-iskedyul ng mga klinika sa pagbabakuna, at pagbubukas ng malalaki at pinapangasiwaan ng estado na mga Community Vaccination Center sa mga target na lugar.

62. Paano ako magsa-sign up upang makatanggap ng ikalawang dosis ng bakuna ng COVID-19 kapag Virginia COVID Information Center (VCIC) ang nag-iskedyul ng appointment?

Karaniwan mong maiiskedyul ang iyong pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19 kapag nagpunta ka para sa iyong unang appointment sa parmasya o klinika. Gayunpaman, maaaring tatawag na lang ang ilang klinika sa pagbabakuna upang

iiskedyul ang iyong pangalawang appointment mas malapit sa petsa kung kailan mo dapat matanggap ito. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong pangalawang dosis, inirerekomendang tawagan mo ang klinika, ahensya, o retail pharmacy na nagbigay ng iyong unang dosis, para sa karagdagang impormasyon.

Ang petsa ng kanilang ikalawang dosis ay nakadepende sa unang petsa ng appointment at ang brand ng bakuna na natanggap. Ang pangalawang dosis ay 21 araw mula sa unang dosis para sa bakuna ng Pfizer-BioNTech at 28 araw para sa bakuna ng Moderna. Isang (1) dosis lang ang kailangan sa bakuna ng Johnson & Johnson.

Para sa mga indibidwal na nag-iskedyul ng kanilang appointment sa pamamagitan lang ng telepono, isasaad ng system ang petsa/oras ng kanilang pangalawang dosis; at, makikipag-ugnayan sa kanila ang parmasya/klinika tungkol sa lokasyon ng pangalawang dosis (pati na rin para kumpirmahin ang petsa at oras).